# Ang Dispute Resolution Branch (Sangay ng Paglutas ng Hindi-pagkakasundo)

## Ano ang Dispute Resolution Branch (Sangay ng Paglutas ng Hindi-pagkakasundo)?

Ang Dispute Resolution Branch (DRB o Sangay ng Paglutas ng Hindi-pagkakasundo) sa loob ng Department of Justice and Attorney-General (JAG) ay nagbibigay sa komunidad ng isang libre, kompidensyal at walang-kinikilingang mediation service (serbisyo sa pamamagitan). Ang DRB ay binubuo ng anim na Dispute Resolution Centres (Mga DRC o Mga Sentro sa Paglutas ng Hindi-pagkakasundo) na matatagpuan sa buong Queensland.

## Ano ang mediation o pamamagitan at paano ito gumagana?

Ang mediation ay isang paraan ng pagtulong sa mga tao na malutas ang isang hindi-pagkakasundo nang hindi kailangang pumunta sa hukuman.

Ang mga taong hindi nagkakasundo ay nagkakasama-sama sa harap ng isa o dalawang mga mediator upang talakayin ang kanilang mga hindi pagkakasundo at matamo ang isang kalutasan na parehong angkop sa kanila. Ang mga mediator ay kumikilos bilang ikatlong partidong walang kinikilingan at ginagabayan nila ang mga partido sa pamamagitan ng isang nakabalangkas na proseso ng mediation.

## Sinu-sino ang maaaring makagamit ng mediation?

Ang mga serbisyong pang-mediation (serbisyo sa pamamagitan) ay magagamit nang walang bayad ng lahat ng tao sa komunidad, anuman ang kanilang edukasyon, kita, mga pinagmulang etniko o kakayahan sa wika.

Pakitandaan na ang mga facilitation (pag-alalay) at workplace mediation (pamamagitan sa lugar ng trabaho) ay ibinibigay nang may bayad para sa serbisyo.

## Ang mediation ba ay kompidensyal?

Oo, ang mga mediator ay sumasailalim sa panunumpa sa pagiging sekreto. Wala sa anumang iyong sasabihin sa mediation ang maaaring ulitin ng mga mediator sa kahit kanino o magagamit sa anumang pambatas na pagkilos.

## Kailangan ko bang dumalo sa mediation?

Hindi mo kailangang dumalo sa mediation. Ito ay boluntaryo. Ang kahit sinong partido ay maaaring umurong sa proseso sa anumang oras nang walang multa.

## Sasabihan ba ng mediator ang kabilang partido kung ano ang gagawin?

Hindi, ang mga mediator ay hindi naroroon upang magbigay ng payo, mag-alok ng mga mungkahi o magpasya kung ano ang tama o mali. Ang mga mediator ay naroroon upang gabayan ang pagtalakay sa pagitan ng mga partido at upang matulungan silang makabuo ng sarili nilang mga pasya.

## Anu-anong mga isyu ang naaangkop para sa mediation?

May malawak na hanay ng mga isyu ang naaangkop para sa mediation. Ang mga pinakakaraniwang isyu na kinakaharap ay ang:

- mga hindi-pagkakasundo ng mga magkakapitbahay na kinapapalooban ng mga problemang nauukol sa bakuran,

ingay, mga bata, mga alagang hayop at mga lumalagpas na puno

- mga hindi-pagkakasundong pampamilya
- mga hindi-pagkakasundo sa lugar ng trabaho
- mga hindi-pagkakasundo sa kalakalan
- mga kasunduan sa pagiging magulang at mga usapin ukol sa pag-areglo ng ari-arian
- mga hindi pagkakasundo ng maraming partido, minsan ay kasangkot ang buong komunidad
- mga hindi pagkakasundo sa pag-upa.

### Kailan hindi angkop ang mediation?

Ang mediation ay hindi angkop kapag:

- may takot o may mataas na panganib na magkaroon ng karahasan sa pagitan ng mga partido
- ang isang partido ay hindi pumapayag na makipagnegosasyon
- ang isang partido ay hindi dadalo
- may kakulangan sa kapangyarihan sa pakikipagnegosasyon
- ang isang partido ay hindi dadalo para malutas ang hindi pagkakasundo (pagnenegosasyon nang may masamang pakay).

### Paano isinasaayos ang mediation?

Sa sandaling ikaw ay kumontak sa amin kokontakin namin ang  kabilang partido sa pamamagitan ng sulat o telepono upang maialok ang serbisyong pang-mediation. Kapag tumugon ang partido, pumapayag na dumalo sa mediation at ang usapin ay napag-alamang angkop para sa mediation isasaayos namin ang mediation sa isang oras at lugar na maginhawa para sa parehong partido.

### Gaano katagal ang mediation?

Kapag pumayag ang parehong partido sa mediation, ang isang sesyon ay karaniwang magaganap sa loob ng sampung araw. Ang mga sesyon ay karaniwang tatagal nang tatlo hanggang apat na oras..

### Sino ang dadalo sa mediation?

Karaniwan tanging ang mga taong direktang kasangkot sa hindi-pagkakasundo ang dumadalo sa mediation. Kung ikaw ay may hinanakit o hindi nakatitiyak ukol sa mediation maaari kang pumili ng isang taong dadalo bilang tagapagsuporta. Maaari ka ding mag-organisa upang kontakin ang iyong abugado habang isinasagawa ang mediation kung ito ay makakatulong sa progreso ng usapin. Ang mga mediator ay hindi nagbibigay ng payong pambatas.

### Paano kung ang kabilang partido ay hindi tumugon o tumanggi sa alok?

Upang matuloy ang mediation kailangang pumayag na dumalo ang lahat ng mga partido sa hindi-pagkakasundo. Kapag hindi ito mangyari, hindi matutuloy ang mediation. Kapag  nangyari ito, aabisuhan ang taong unang kumontak sa amin. Kahit na may ibinigay na dahilan para sa pagtanggi, hindi namin maibubunyag ang dahilan sa kabilang partido o sa kahit sinuman.

### Ang isa bang kasunduan sa mediation ay maipapatupad sa isang hukuman?

Hindi, sa pangkalahatan ito ay hindi saklaw ng batas. Nasa pasya na ng mga partido kung susundin nila ang kanilang napagkasunduan at sapagkat sila naman ang gumawa ng kasunduan, malaki ang tsansa na susundin nila ito. Gayunpaman, maaaring gawin ng mga taong kasangkot na maipatupad ang kasunduan ayon sa batas kung ito ang nais nila. Ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng paglalagay sa kasunduan na nais ng mga partido na maging saklaw ng batas ang kasunduan. Pagkatapos ay maaaring isaayos ng abugado  ang mga kinakailangang dokumento.

## Paano ako dapat maghanda para sa mediation?

Para sa iyong sarili, bago isagawa ang mediation maaaring makatulong na isaalang-alang:

- ang iyong mga karapatan at responsibilidad patungkol sa hindi pagkakasundo
- kung paano nakakaapekto ang hindi pagkakasundo sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay
- ang mga pangunahing isyu na nais mong talakayin
- kung ano ang nais mong makitang mangyari
- kung ano ang handa mong gawin upang ito ay maisakatuparan
- kung paano malulutas ang hindi pagkakasundo kung hindi magtagumpay ang mediation.

Para sa kabilang partido (tandaan, hinuhulaan mo lamang ito) isaalang-alang:

- kung ano sa iyong palagay ang nais ng kabilang partido
- kung ikaw ay nasa kanilang lugar at isipin kung ano ang maaari nilang asahan
- kung ano sa iyong palagay ang maaari nilang tanggapin o sang-ayunan.

## Para sa mga serbisyong pang-mediation

Kumontak sa:

South Queensland
Telepono (libreng tawag):1800 017 288
Fax: 3239 6284
Email: drc.sq@justice.qld.gov.au

Wide Bay
Telepono (libreng tawag):1800 681 109
Fax: 4125 9227
Email: drc.wb@justice.qld.gov.au

Central Queensland
Telepono (libreng tawag):1800 817 927
Fax: 4938 4294
Email: drc.central@justice.qld.gov.au

Mackay–Whitsundays
Telepono (libreng tawag):1800 501 576
Fax: 4967 4402
Email: drc.mkywhit@justice.qld.gov.au

North Queensland
Telepono (libreng tawag):1800 809 605
Fax: 4799 7871
Email: drc.nq@justice.qld.gov.au

Far North Queensland
Telepono(libreng tawag):1800 671 680
Fax: 4039 8743
Email: drc.fnq@justice.qld.gov.au

o bisitahin ang www.justice.qld.gov.au/mediation.